Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED

Tanggapan ng Kalihim
*Office of the Secretary*

**DepED MEMORANDUM**
No. 365 s. 2006

OCT 18 2006

**SUPPORT TO THE FUND-RAISING PROJECT OF THE NATIONAL FEDERATION OF SUPREME STUDENT GOVERNMENT**

**To: Regional Directors**
**Schools Division/City Superintendents**
**Heads, Public and Private Elementary and Secondary Schools**

1. The National Federation of Supreme Student Government (NFSSG), through a resolution, has requested the Department of Education to support its fund-raising project with the showing of the film, **Pacquiao the Movie,** in the schools and in movie theaters nationwide.

2. The project aims to achieve the following objectives:

a. Raise funds to support priority programs, projects and activities of the Department of Education and the NFSSG such as, but not limited to, the provision of English proficiency training for students, purchase of technical-vocational tools, equipment and books, purchase of computer equipment and related services, conduct of NFSSG meetings, seminars and trainings and establishment of scholarship grants/subsidies for deserving students;

b. Inspire all pupils and students with the lessons from the life story of Manny Pacquiao, the "Champion for Life", who has brought honor to the country in the international community and who has contributed to the Filipinos' search for unity and identity as a nation;

c. Utilize the inspirational story of Manny Pacquiao in endorsing the positive values of education to the Filipino youth; and,

d. Drum up support for Manny Pacquiao and achieve national unity as he represents the country once again in international boxing competition.

3. The film has been reviewed and evaluated by the Bureau of Elementary Education (BEE), the Bureau of Secondary Education (BSE) and the Araling Panlipunan Supervisors/Coordinators which found the movie to be promoting positive values, such as faith in God, love of country, respect and love for parents and family, self-discipline, concern for others and determination to succeed. Viewing of the film, however, is voluntary.

4. All Supreme Student Government Teacher-Advisers, Division and Regional Supervisors/Coordinators handling Araling Panlipunan and/or the Student Government Program shall provide active assistance in the coordination, implementation and monitoring of the project in their respective areas. All school-based Supreme Student Government officers, including officers of the Regional and Division Federations of the Supreme Student Government are advised to assist in the coordination, implementation and monitoring of the project in their respective areas. All other school-based clubs or organizations, including the Parents, Teachers and Community Associations (PTCAs), are encouraged to support the Supreme Student Governments and its Federations.

5. All Regional Directors, Schools Division Superintendents and School Heads are advised to give the necessary support and assistance to the project of the NFSSG.

6. For inquiries and coordination, please contact the National Federation of Supreme Student Government (NFSSG) through its Secretariat in the Center for Students and Co-Curricular Affairs c/o NFSSG President Franklin Joe B. Abris or Executive Director Joey G. Pelaez at tel. nos. 631-8495 or 636-3603.

7. Enclosed are the Lesson Exemplars (Elementary Level as Enclosure 1 and Secondary Level as Enclosure 2) for teachers' use to help pupils and students understand the movie and draw lessons from it.

8. Immediate and widest dissemination of this Memorandum is advised.

**RAMON C. BACANI**
Undersecretary

Encls.: As stated

Reference: None

Allotment: 1—(D.O. 50-97)

To be indicated in the <u>Perpetual Index</u>
under the following subjects:

OFFICIALS
ORGANIZATIONS
PROJECTS
PUPILS
STUDENTS

# PAGPAPAHALAGANG DAPAT TAGLAYIN NG TAONG MAKABAYAN



# PATNUBAY NG GURO

## I. Pambungad

Si Manny Pacquiao ay kasalukuyang kinikilala bilang "bagong bayani." Sa tagumpay man o kabiguan, hinahangaan siya at dinadakila sa larangan ng boksing. Dahil dito, ang buhay niya ay isinapelikula upang tularan ng mga kabataan ang mabubuting katangiang gumabay sa kanya sa landas ng tagumpay.

## II. Layunin

Pangunahing layunin sa pagtalakay ng pelikula ay masuri ito at mapulot ang mga aral at mga mahahalagang mensahe na makatutulong sa pangaraw-araw na hamon ng buhay.

## III. Pamamaraan

1. Kalakip ng patnubay ang ilang halimbawang aralin sa Makabayan at ang Matrix ng mga kasanayan/layunin mula sa iba't ibang asignatura sa iba't ibang baitang sa Phil. Elementary Learning Competencies (PELC) na maaaring pagsaniban ng gagawing pagsusuri at pagtalakay sa pelikula

2. Maaaring pagtalakayan ang pelikula kaugnay ng aralin sa iba't ibang asignaturang pagsasaniban pagkatapos na ito ay mapanood.

3. Ang halimbawang aralin sa Makabayan ay maaaring gawing modelo sa pagsasanib nito sa mga asignatura sa iba't ibang baitang.

4. Sa pangkalahatang pagtalakay, gagabayan ng guro ang mga bata sa pagkuha ng mahahalagang aral at pagpapahalaga na maaaring maisabuhay.

## IV. Inaasahang "Impact" ng Pelikula

Maliwanag na ipinakikita sa pelikula na sa kabila ng kahirapan maaaring magtagumpay ang isang tao kung may pagtitiwala sa sariling kakayahan, determinasyon, disiplina sa sarili, pagmamahal sa bayan at higit sa lahat may pananalig sa Diyos.

## MAKABAYAN I
(Sibika at Kultura)

I. Layunin:

1. Nasasabi na iba-iba ang katangiang pisikal ng mga Pilipino

2. Nasasabi ang mga katangian ni Manny Pacquiao

3. Nasasabi nang may kasiyahan na "Ako ay Pilipino"

II. Yunit I – Ang Mga Pilipino

Paksa: Katangiang Pisikal ng mga Pilipino
Aralin: Pagkilala sa Katangiang Pisikal ng Pilipino

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Lunsaran

a) Ipa-awit ang awiting "Ako ay Pilipino"
b) Pag-usapan ang mensahe ng awitin

2. Balik-aral

Paano mo masasabi na ang isang tao ay Pilipino

B. Panlinang na Gawain

1. a) Paglalahad ng larawan ng isang Pilipino

   b) Bigyang pansin sa talakayan ang katangiang pisikal na makikita sa larawan

   c) Tumawag ng mga bata at ipaugnay ang sariling anyo at katangian sa larawang pinag-usapan

2. a) Ilahad ang larawan ni Manny Pacquiao

   b) Pag-usapan kung taglay ni Manny ang katangiang pisikal ng isang Pilipino

   c) Magbalik-tanaw sa pelikulang pinanood

   d) Magbigay nang mga taong nasa pelikula na nagtataglay ng mga katangiang pisikal ng Pilipino

**MAKABAYAN III**
(Sibika at Kultura)

I. Layunin:

1. Nasasabi na ang maunlad na pamumuhay ay mithiin ng mga Pilipino

   1.1 Natutukoy ang mithiin ng mga Pilipino na makatugon sa pangunahing pangangailangan
   1.2 Nakikilala na ang mga Pilipino ay may mga karapatan at tungkulin sa paglinang ng sariling kakayahan at ng kakayahan ng kapwa

2. Nagagamit ang sariling kakayahan upang mapaunlad ang pamumuhay tulad ng pagtitiwala sa sariling kakayahan

3. Nasasabi ang mga paraang ginawa ni Manny Pacquiao upang mapaunlad ang kanyang kakayahan

II. Aralin – Mithiin ng mga Pilipino na Umunlad ang Pamumuhay
BEC-PELC p. 9-10

Balangkas ng Aralin

Mithiin ng mga Pilipino na matugunan ang pangunahing pangangailangan

Mga Karapatan at Tungkulin ng Pilipino na linangin ang sariling kakayahan ng kapwa.

Pagpapaliwanag kung paanong ang pagtitiwala sa sariling kakayahan ay makatulong sa pag-unlad ng pamumuhay

Kagamitan: Pelikula (Paquiao – The Movie)

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral sa mga pangunahing pangangailangan ng bawat Pilipino

2. Lunsaran

   a. Ilahad ang pangungusap na di-tapos
      Paglaki ko nais kong maging ________ upang magkaroon ng __________.

B. Panlinang ng Aralin

1. Pangkatin ang mga klase sa limang (5) pangkat. Bigyan ng papel sulatan ang mga pangkat na pagsusulatan ng kanilang sagot.

2. Pagtatalakay sa ulat ng mga bata

   Itanong: Paano ninyo maaaring makamit ang mga pangarap na ito?

   Anu-ano ang mga dapat ninyong gawin upang matupad ang lahat na ito?

   Pagtatalakay sa mga karapatan ng Pilipino na magtamo ng edukasyon upang malinang ang sariling kakayahan.

3. Iugnay ang aralin sa pelikulang "Pacquiao – The Movie"

   - Pag-usapan ang mga pangarap ni Pacquiao
   - Mga paraang ginawa niya upang makamit ang mga ito
   - Pagtalakay sa mga ipinamalas na katangian ni Pacquiao upang makamit ang pangarap
   - Pagtalakay sa naging bunga ng pagsisikap ni Pacquiao

   Itanong: Sa anong uri ng mag-anak nagmula si Pacquiao?

   Naging hadlang ba sa kanyang pag-unlad ang pagiging mahirap?

   Ano ang ginawa ni Manny para siya ay makatulong sa paglinang ng kakayahan ng kapwa?

   Anong aral ang inyong natutuhan sa kanya?

C. Pangwakas na Gawain

1. Pagbibigay ng buod ng araling tinalakay

   - Ang mithiin ng bawat Pilipino ay umunlad ang pamumuhay
   - May karapatan at tungkulin ang Pilipino na linangin ang kakayahan upang matupad ang pangarap, mithiin sa buhay.
   - Sa pag-unlad ng pamumuhay ang kahirapan ay hindi hadlang kung magtitiwala sa sariling kakayahan.

**MAKABAYAN III**
(Sibika at Kultura)

I. Layunin:

1. Nasasabi na ang maunlad na pamumuhay ay mithiin ng mga Pilipino

    1.1 Natutukoy ang mithiin ng mga Pilipino na makatugon sa pangunahing pangangailangan
    1.2 Nakikilala na ang mga Pilipino ay may mga karapatan at tungkulin sa paglinang ng sariling kakayahan at ng kakayahan ng kapwa

2. Nagagamit ang sariling kakayahan upang mapaunlad ang pamumuhay tulad ng pagtitiwala sa sariling kakayahan

3. Nasasabi ang mga paraang ginawa ni Manny Pacquiao upang mapaunlad ang kanyang kakayahan

II. Aralin – Mithiin ng mga Pilipino na Umunlad ang Pamumuhay
BEC-PELC p. 9-10

Balangkas ng Aralin

Mithiin ng mga Pilipino na matugunan ang pangunahing pangangailangan

Mga Karapatan at Tungkulin ng Pilipino na linangin ang sariling kakayahan ng kapwa.

Pagpapaliwanag kung paanong ang pagtitiwala sa sariling kakayahan ay makatulong sa pag-unlad ng pamumuhay

Kagamitan: Pelikula (Paquiao – The Movie)

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral sa mga pangunahing pangangailangan ng bawat Pilipino

2. Lunsaran

    a. Ilahad ang pangungusap na di-tapos
    Paglaki ko nais kong maging ________ upang magkaroon ng _________.

B. Panlinang ng Aralin

1. Pangkatin ang mga klase sa limang (5) pangkat. Bigyan ng papel sulatan ang mga pangkat na pagsusulatan ng kanilang sagot.

2. Pagtatalakay sa ulat ng mga bata

   Itanong: Paano ninyo maaaring makamit ang mga pangarap na ito?

   Anu-ano ang mga dapat ninyong gawin upang matupad ang lahat na ito?

   Pagtatalakay sa mga karapatan ng Pilipino na magtamo ng edukasyon upang malinang ang sariling kakayahan.

3. Iugnay ang aralin sa pelikulang "Pacquiao – The Movie"

   - Pag-usapan ang mga pangarap ni Pacquiao
   - Mga paraang ginawa niya upang makamit ang mga ito
   - Pagtalakay sa mga ipinamalas na katangian ni Pacquiao upang makamit ang pangarap
   - Pagtalakay sa naging bunga ng pagsisikap ni Pacquiao

   Itanong: Sa anong uri ng mag-anak nagmula si Pacquiao?

   Naging hadlang ba sa kanyang pag-unlad ang pagiging mahirap?

   Ano ang ginawa ni Manny para siya ay makatulong sa paglinang ng kakayahan ng kapwa?

   Anong aral ang inyong natutuhan sa kanya?

C. Pangwakas na Gawain

1. Pagbibigay ng buod ng araling tinalakay

   - Ang mithiin ng bawat Pilipino ay umunlad ang pamumuhay
   - May karapatan at tungkulin ang Pilipino na linangin ang kakayahan upang matupad ang pangarap, mithiin sa buhay.
   - Sa pag-unlad ng pamumuhay ang kahirapan ay hindi hadlang kung magtitiwala sa sariling kakayahan.

IV. Paglalapat

Lagyan ng tsek (√) ang hanay ng mga paraang iyong gagawin upang matupad ang mga pangarap.

| | |
|---|---|
| 1. Mag-aral ng mabuti | |
| 2. Sumunod s autos ng mga magulang | |
| 3. Piliin ang mga kaibigang makatutulong sa pag-unlad | |
| 4. Linangin ang mga kasanayang taglay | |
| 5. Lumahok sa mga gawaing makabuluhan | |

Prepared by:

ELIZABETH J. ESCAÑO
SEPS

ROGELIO O. DOÑES
EPS II

## MGA KASANAYAN/LAYUNIN SA PELC SA MAAARING PAGSANIBAN NG "PACQUIAO – THE MOVIE" SA MABABANG PAARALAN

| GRADE I | GRADE II | GRADE III | GRADE IV | GRADE V | GRADE VI |
|---|---|---|---|---|---|
| | **FILIPINO**<br>A. Pakikinig<br>Naibibigay ang katangian ng mga tauhan batay sa napanood na pelikula<br><br>Pagsasalita<br>- Nagagamit ang mga pang-abay na naglalarawan ng lugar sa pangungusap<br><br>Pagbasa<br>- Nakapaglalarawan ng tauhan batay sa ginawa o kilos<br><br>Pagsulat<br>- Naisusulat nang kabit-kabit ang mga pang-abay na naglalarawan ng lugar | Natutukoy ang damdamin ang tauhan sa napanood na pelikula<br><br>- Nagagamit nang wasto ang iba't-ibang aspekto ng pandiwa sa pagsasalaysay ng isang talambuhay<br><br>- Nakikilala ang kasingkahulugan ng salita sa pamamagitan ng gamit na pangungusap<br><br>- Nakasusulat ng isang talambuhay | Ikinararangal ang sarili at kapwa Pilipino sa mga pahayag na napakinggan tungkol sa mga natatanging Pilipino<br><br>- Nagagamit ang mga pang-uri sa paglalarawan ng tao, bagay, lugar, at pangyayari<br><br>- Nakapagpapahayag ng damdamin ng katuwaan at kalungkutan sa mga pangyayari<br><br>- Nakikilala ang mga katangian ng mga tauhan sa napanood na pelikula | Nakabubuo ng banghay o balangkas tungkol sa napanood na pelikula na may limang bahagi<br><br>- Pagkabata<br>- Pagluwas sa Maynila<br>- Pagpasok sa larangan ng boksing<br>- Pag-ibig<br>- Kabiguan at Tagumpay<br><br>Nagagamit ang binuong balangkas sa paggawa ng buod ng pelikula | Nabibigyang kahulugan ang kilos, gawi, pananalita ng mga tauhan sa pelikulang napanood<br><br>- Nakasusulat ng isang maikling reaksyon tungkol sa napapanahong paksa |

IV. Paglalapat

Lagyan ng tsek (√) ang hanay ng mga paraang iyong gagawin upang matupad ang mga pangarap.

| | |
|---|---|
| 1. Mag-aral ng mabuti<br>2. Sumunod s autos ng mga magulang<br>3. Piliin ang mga kaibigang makatutulong sa pag-unlad<br>4. Linangin ang mga kasanayang taglay<br>5. Lumahok sa mga gawaing makabuluhan | |

Prepared by:

ELIZABETH J. ESCAÑO
SEPS

ROGELIO O. DOÑES
EPS II

| GRADE I | GRADE II | GRADE III | GRADE IV | GRADE V | GRADE VI |
|---|---|---|---|---|---|
| | **MAKABAYAN**<br>Naipaliliwanag kung paano maaaring tularan ng bata ang mga tanyag na Pilipino noon at ngayon upang mapaunlad ang sariling kakayahan.<br><br>4.1 Nakikilala ang ilang bayani o tanyag na Pilipino noon/ngayon<br>4.2 Nasasabi ang natatanging kakayahan ng bawat isa<br>4.3 Natatalakay ang paraan ng pagpapaunlad ng kakayahan ng mga bayani at tanyag na Pilipino | Nasusuri ang mga katangi-tanging ugali at saloobin ng mga Pilipino na nakatutulong sa pag-unlad ng pamumuhay<br><br>- Naipaliliwanag kung paano nakatutulong o nakahahadlang sa pag-unlad ng pamumuhay ang mga ugaling nagpapakilala sa ating pagka-Pilipino<br>- Natutularan ang halimbawa ng mga taong nagpapakita ng mga katangi-tanging ugali at saloobin<br><br>**PAMBANSANG PAGKAKAISA**<br>A. Nasasabi na ang maunlad na pamumuhay ay mithiin ng mga Pilipino<br><br>1. Nakikilala na ang mga Pilipino ay may mga karapatan at tungkulin sa paglinang ng sariling kakayahan at ng kakayahan ng kapwa | | | **MAKABAYAN**<br>**HEKASI**<br>Nabibigayang halaga ang bahaging ginagampanan ng mga mamamayan sa pagtataguyod ng kaunlaran ng bansa<br><br>1. Naipaliliwanag kung paano itinataguyod ng mga mamamayan ang kaunlaran ng bansa<br><br>1.1 Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pangangalaga sa sarili upang makatulong sa pagpapaunlad ng bansa<br>1.2 Naipaliliwanag kung paano makatutulong sa pag-unlad at pagsulong ng bansa ang pagtitiwala sa sariling kakayahan<br>1.3 Naibibigay ang kahulugan ng pagiging produktibo<br>1.4 Naipaliliwanag kung paano nagiging produktibo ang isang tao |

| GRADE I | GRADE II | GRADE III | GRADE IV | GRADE V | GRADE VI |
|---|---|---|---|---|---|
| | | 2. Nagagamit ang sariling kakayahan upang mapaunlad ang pamumuhay tulad ng pagtitiwala sa sariling kakayahan<br>3. Natatalakay ang mga pagkakataon sa pamayanan/bansa na nakatutulong sa paglinang ng kakayahan<br><br>B. Napahahalagahan ang mga saloobin at pagpapahalagang may kaugnayan sa paggawa na makatutulong sa pagkakamit ng mithiin<br><br>1. Nasusuri ang kaugnayan ng mga kanais-nais na pagpapahalagang magkaugnay sa paggawa sa pagkakamit ng mithiin | | | 2. Nasasabi ang mga katangian ng isang taong may tamang saloobin sa paggawa |

| GRADE I | GRADE II | GRADE III | GRADE IV | GRADE V | GRADE VI |
| --- | --- | --- | --- | --- | --- |
| | | 2. Naipaliliwanag kung paano nakatutulong sa pagpapaunlad ng pamumuhay ang mga kanais-nais na saloobin at pagpapahalagang may kaugnayan sa paggawa anong uri ito<br>3. Nailalarawan ang maaaring mangyari sa pamumuhay kapag hindi ipinakita ang mga kanais-nais na saloobin at pagpapahalagang may kaugnayan sa paggawa<br>4. Natatalakay ang mga paraan kung paano maipakikita sa sariling pamumuhay ang mga kanais-nais na saloobin at pagpapahalagang nakatutulong sa pagpapaunlad ng pamumuhay | | | |

| GRADE I | GRADE II | GRADE III | GRADE IV | GRADE V | GRADE VI |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | **EDUKASYONG PANTHANAN AT PANGKABUHAYAN**<br><br>Naipakikita ang maayos na pagsasamahan ng mga kasapi ng mag-anak | Nakatutulong sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mag-anak tungo sa maayos at kasiya-siyang pamumuhay | A. Natatamo ang mga natatanging kaalaman, kasanayan at saloobin na makatutulong sa pagpapaunlad ng pangkabuhayan at panlipunang pamumuhay ng mag-anak<br><br>1. Nagagampanan nang kusang-loob ang tungkulin at pananagutan sa ibang kasapi ng mag-anak ayon sa sariling kakayahan tungo sa kasiya-siyang pamumuhay ng mag-anak |
| | | | **MSEP**<br><br>Natatamo ang sapat na kahusayan sa pagsasagawa ng mga katangi-tanging kakayahan at kasanayan<br><br>A. Mga Kasanayang Panghimnasyo/ "Stunts" at mga Gawaing Sumusubok sa Sariling Kakayahan | Natatamo ang sapat na kahusayan sa pagsasagawa ng mga katangi-tanging kakayahan at kasanayan<br><br>A. Mga Kasanayang Panghimnasyo/ "Stunts" at mga Gawaing Sumusubok sa Sariling Kakayahan | Natatamo ang sapat na kahusayan sa pagsasagawa ng mga katangi-tanging kakayahan at kasanayan<br><br>A. Mga Kasanayang Panghimnasyo/ "Stunts" at mga Gawaing Sumusubok sa Sariling Kakayahan |

| GRADE I | GRADE II | GRADE III | GRADE IV | GRADE V | GRADE VI |
|---|---|---|---|---|---|
| **EDUKASYONG PAGPAPAKATAO**<br>**Positibong Pagkilala sa Sarili**<br>Naipapahayag nang Malaya ang sariling damdamin | Natatanggap na may mga bagay na di kayang gawin sa sarili | Nakahihingi ng tulong sa iba upang malinang ang sariling kakayahan | Naisasagawa ng may kawilihan ang mga gawaing nagpapaunlad sa sariling kakayahan | Naibabahagi ang talino sa kapwa | Naisasagawa agad ang mga Gawain nang maluwag sa kalooban |
| | | **Disiplina**<br>Nakasusunod sa mga tuntunin at patakarang ipinatutupad sa pamayanan | Naipakikita ang pagiging isport | Naipakikita ang pagpipigil/ pagtitimpi sa sarili | Naipamamalas ang pagpaparaya sa kapwa |
| **Pagmamalasakit sa Kapwa/ Kabutihan ng Nakararami**<br>Naipakikita ang pagmamalasakit sa mga kasapi ng mag-anak | Naipakikita ang malasakit sa kapwa, sa paaralan at pamayanan | Naipakikita ang malasakit sa may karamdaman at may kapansanan | Naipakikita ang pagmamahal at malasakit sa matatanda | Naipakikita ang malasakit sa kapwa sa panahon ng pangangailangan | Naipakikita ang malasakit sa mga nangangailangan |
| | | | | | |
| **Saloobin sa Paggawa**<br>Naisasagawa ang mga gawaing bahay nang maingat ayon sa takdang panahon | Naisasagawa ang Gawain sa paaralan nang may pagmamalaki | Naipakikita ang pagmamahal sa Gawain | Naipakikita ang komitment sa paggawa | Naipakikita ang pagpapahalaga sa paggawa | Napahahalagahan ang mga taong matagumpay |

Prepared by:

ELIZABETH J. ESCAÑO
SEPS

ROGELIO O. DOÑES
EPS II

# KABATAANG MAKABAYAN




Mga Pagpapahalagang Dapat Taglayin

# PATNUBAY NG GURO

I. Pambungad

Si Manny Pacquiao ay kasalukuyang kinikilala bilang "bagong bayani." Sa tagumpay man o kabiguan, hinahangaan siya at dinadakila sa larangan ng boksing. Dahil dito, ang buhay niya ay isinapelikula upang tularan ng mga kabataan ang mabubuting katangiang gumabay sa kanya sa landas ng tagumpay

II. Layunin

Pangunahing layunin sa pagtalakay ng pelikula ay masuri ito at mapulot ang mga aral at mga mahahalagang mensahe na makatutulong sa pangaraw-araw na hamon ng buhay.

III. Pamamaraan

1. Kalakip ng Patnubay ang mungkahing Banghay-Aralin at ang Matrix na gagabay sa pagsusuri ng pelikula sa iba't ibang antas at asignatura. Ito ay nakatuon sa:

    - "entry points"
    - layunin ng aralin
    - tema sa Makabayan
    - integrasyon ng pagpapahalaga

2. Iminumungkahing pagkatapos panoorin ang pelikula, talakayin ito sa loob ng silid-aralan sa asignaturang papasukan.

3. Ang halimbawang Banghay-Aralin o ang Matrix ay maaaring gamitin. Sa Araling Panlipunan I nakabatay ang Banghay-Aralin subalit maaari itong gawing modelo para sa ibang asignatura at year levels.

4. Sa pangkalahatang pagtalakay, gagabayan ang mga guro ng mga pagpapahalagang lilinangin sa pagsusuri ng pelikula ayon sa mga asignatura.

5. Iminumungkahing gabayan ang mga mag-aaral sa paggawa ng pangako na isasabuhay ang mga katangiang taglay ni Manny Pacquiao.

IV. Inaasahang "Impact" ng Pelikula

Sa kabila ng kahirapan, nangarap si Pacquiao at nagtagumpay na makamit ang kanyang pangarap. Kinilala siya sa buong mundo at ipinagmalaki ang pagka-Pilipino. Sa tagumpay at kabiguan, minahal siya at dinakila. Ang lahat ng tao na nasa iba't ibang antas ng lipunan ay nagkakaisa sa tuwing siya'y lalaban at nananalanging siya'y manalo.

Ang hindi mapasusubaliang katotohanan na ipinakita sa pelikula ay : **Determinasyon at disiplina sa sarili ang susi sa tagumpay."**

# Gabay sa Pagsusuri ng Pelikula

Mga Dapat Tingnan

a. Artista

- Makatotohanan ba ang naging pagganap ng mga artista?
- Nabigyang buhay ba nila ang katauhan ng kanilang inilalarawang tao?
- Aling bahagi ng pelikula ang nagpapakita ng kagalingan ng artista sa pagganap?

b. Iskrip

- Makatotohanan ba ang istoryang inilahad sa sine? Patunayan.
- Malinaw ba ang pagkakalahad sa mga pangyayari? Patunayan.
- Ang mga pangyayari bang ipinakita ay nagaganap sa tunay na buhay? Patunayan.

c. Sinematograpiya

- Paano nakatulong sa ikagaganda ng buong pelikula ang paglalapat ng ilaw, tunog, kasuotan at lugar kung saan nangyari ang bawat tagpo sa pelikula? Magbigay ng patunay.

d. Musika

- Angkop ba ang musika na inilapat sa bawat tagpo ng pelikula lao't higit sa kabuuan nito? Patunayan

e. Mensahe

- Naipabatid ba ng pelikula ang mensaheng nais nitong ipabatid sa mga manonood?
- Ano ang mga mensaheng nakuha mo sa pelikula?

## GABAY PARA SA PAGSUSURI NG PELIKULA

| Unang Taon - Talambuhay | Ikalawang Taon - Anekdota | Ikatlong at Ikaapat na Taon (Pagsusuri) |
|---|---|---|
| MGA LAYUNIN<br><br>a. Makikilala ang katauhan ni Manny Pacquiao<br><br>b. Matutukoy ang mga eksena sa pelikula na nagpapakita ng mga angking katangian ng pangunahing tauhan<br><br>c. Matitimbang ang mga katangian batay sa naiambag nito sa tagumpay ng pangunahing tauhan<br><br>d. Maiisabuhay ang mga natatanging aral na napulot sa buhay ni Manny Pacquiao<br><br>ENTRY POINTS<br><br>**Araling Panlipunan:**<br><br>PAGKAMAMAMAYAN<br><br>7.7 Nasusuri ang mga katangian ng isang mamamayan<br><br>7.8 Nasisiyasat na mapanuri ang mga katangian at kakayahan ng itinuturing na isang bagong bayani | MGA NATATANGING DAYALOGO<br><br>* "Huwag mong ipalaglag , matakot ka sa Diyos"<br><br>* "Bay, huwag kang susuko, kaya mo 'yan"<br><br>* "Sa boksing, sumikat ka man, ikaw pa rin ang tatanggap ng suntok at masasaktan; samantalang sa ibang propesyon, pag may may pera ka, maginhawa ang buhay mo"<br><br>* "'Nay, di ako magiging ganito kung 'di dahil sa iyo"<br><br>* "Papa! Ano ang ibig sabihin ng salitang laos?"<br><br>* "Ayaw kong umuwing talunan; wala akong mukhang ihaharap sa aking mga kababayan"<br><br>* "Ma, gusto mo man iyan; 'di naman 'yan ang mahal ko. Si Jinky ang gusto ko"<br><br>MGA LAYUNIN:<br><br>a. Matutukoy ang iba't ibang dayalogo na nagbibigay-halaga at aral sa pinanood na pelikula<br><br>b. Maipaliliwanag ang kahulugang isinasaad ng bawat dayalogo | MGA LAYUNIN<br><br>**Artista**<br><br>1. Makikilala ang mga pangunahing tauhan sa pelikula<br><br>2. Masusuri ang kalidad ng pagganap ng mga tauhan<br><br>**Iskrip**<br><br>1. Mailalarawan ang paraan ng pagkakalahad ng mga pangyayari sa pelikula<br><br>**Sinematograpiya at Musika**<br><br>1. Mapatutunayan kung paano ang iba't ibang sangkap (ilaw, tunog, kasuotan. Lugar, musika) ay nakatulong sa ikagaganda ng buong pelikula<br><br>**Mensahe**<br><br>1. Maitatala ang mga eksenang kapupulutan ng magagandang mensahe/aral sa buhay<br><br>2. Makasusulat ng buod/reaksyon/repleksyon batay sa pelikulang napanood |

## GABAY PARA SA PAGSUSURI NG PELIKULA

| Unang Taon - Talambuhay | Ikalawang Taon - Anekdota | Ikatlong at Ikaapat na Taon (Pagsusuri) |
|---|---|---|
| **Home Economics**<br><br>HOME AND FAMILY LIVING<br><br>1.1 Manifest desire to have a sound out-look in life<br><br>1.1.1 Discuss the factors which influence a person's outlook in life<br>1.1.2 Recognize one's strengths and weaknesses as a person and as a member of the family<br><br>1.2 Establish goals for one's self and family towards harmonious relationship<br><br>1.2.1 Plan wholesome and achievable goals for one's self to promote satisfying family relationships<br><br>1.3 Live up to the values of an ideal Filipino family<br><br>1.3.1 Enumerate desirable Filipino family values<br>1.3.2 Apply the desirable Filipino family values which should be preserved and observed<br><br>1.4 Perform one's role as a responsible member of the family | c. Masusuri ang kahalagahan ng mga dayalogo na ginamit sa pelikula<br><br>d. Mapahahalagahan at maisasabuhay sa pangaraw-araw na gawain ang mga aral na nabanggit<br><br>ENTRY POINTS<br><br>**Araling Panlipunan**<br><br>ANG ASYA SA PANGKASALUKUYANG PANAHON<br><br>Pamahalaan, Kultura at Lipunang Asyano<br><br>4.3 Napaninindigan ang katatagan ng pamilyang Asyano bilang batayang yunit ng lipunan<br><br>4.7 Nasusuri ang kinalaman ng edukasyon sa pamumuhay ng mga Asyano<br><br>4.14 Naipagmamalaki sa daigdig ang kontribus-yon ng mga Asyano sa larangan ng huma-nidades (humanities), panitikan at palaka-san.<br><br>4.15 Nasusuri ang kinalaman ng kultura sa asal at gawi ng mga Asyano | |

GABAY PARA SA PAGSUSURI NG PELIKULA

| Unang Taon - Talambuhay | Ikalawang Taon - Anekdota | Ikatlong at Ikaapat na Taon (Pagsusuri) |
|---|---|---|
| 1.4.1 Explain the rights, duties and responsibilities of responsible parents to their children and responsible children to their parents<br>1.4.2 Share responsibilities in promoting family welfare by regularly doing one's functions and duties<br><br>1.5 Participate actively by organizing wholesome and worthwhile/productive family recreational activities<br><br>1.6 Assume responsibilities for meeting the unexpected events in the home<br><br>1.6.1 Discuss how to meet unexpected events in the home<br>1.6.2 Cope up with the expected/ unexpected events in the home<br><br>ENTREPRENEURSHIP<br><br>1. Manifest functional knowledge of retailing<br><br>1.1 Describe retailing as an entrepreneurial activity<br>1.2 Describe the different types of selling<br>1.3 Discuss the specific examples of retailing activities | 4.23 Nasusuri ang epekto (impact) ng urbanisasyon sa pamilya, antas ng pamumuhay, ugnayang panlipunan at pagkakakilanlang etniko<br><br>4.24 Nasusuri ang dahilan at epekto ng migrasyon sa buhay ng mga Asyano sa loob at labas ng rehiyon<br><br>4.26 Nasusuri ang bahaging ginagampanan ng konsepto ng kalayaan (freedom), pagkakapantay-pantay, katarunagn at mabuting pagkamamamayan sa buhay ng mga Asyano<br><br>4.28 Napahahalagahan ang bahaging ginagampanan ng ASEAN, APEC at iba pang mga samahang pangrehiyon sa Asya<br><br>4.30 Napahahalagahan ang pagkakaisa sa gitna ng pagkakaiba-iba ng mga pangunahing katangian ng mga Asyano<br><br>**MAPEH (PE)**<br><br>INDIVIDUAL/DUAL SPORT<br><br>1. Demonstrate active participation in individual/ dual sports according to the rules of the game | |

GABAY PARA SA PAGSUSURI NG PELIKULA

| Unang Taon - Talambuhay | Ikalawang Taon - Anekdota | Ikatlong at Ikaapat na Taon (Pagsusuri) |
|---|---|---|
| 1.4 Explain how the activities related to retailing affect its success<br>1.5 Recognize the importance of selling in the economy<br><br>**MAPEH (HEALTH)**<br><br>SCHOOL HEALTH SERVICES & PERSONAL HEALTH<br><br>2. Demonstrate proper care of one's personal health<br><br>2.1 Maintain proper care of the different sense organs of the body<br>2.2 Exhibit good posture in relation to the development of personal health<br>2.3 Assess changes in one's health condition based on observance of proper health practices or habits<br><br>**Edukasyon as Pagpapahalaga**<br><br>PAGKILALA SA SARILI BILANG ISANG KABATAAN<br><br>1. Nakikilala ang sarili bilang isang kabataan<br><br>1.1 Natutukoy ang mga katangian ng isang kabataan<br>1.2 Nakikilala ang kanyang mga kakayahan o aptitude at mga hilig | 1.1 Enumerate the basic rules in any individual or dual sports<br><br>1.2 Observe safety measures while playing<br><br>1.3 Play according to the rules of the game<br><br>1.4 Observe proper behavior while participating in a game<br><br>**Edukasyon sa Pagpapahalaga**<br><br>ANG PAMILYA BILANG UGAT NG PAKIKIPAGKAPWA<br><br>1.4 Natutukoy ang mga tungkulin at karapatan ng bawat kasapi ng pamilya<br><br>1.5.1 Naisasaalang-alang ang kahalagahan ng dayalogo sa pagpapanatili ng mapayapang pagsasamahan sa pamilya<br><br>ANG MAKABULUHANG PAKIKIPAGKAPWA<br><br>2.7 Nailalahad ang mga bunga ng hindi wastong pamamahala ng emosyon<br><br>2.8 Naipadarama ang tunay na diwa ng pakikipagkapwa sa pagsasaalang-alang sa kapakanan ng iba | |

GABAY PARA SA PAGSUSURI NG PELIKULA

| Unang Taon - Talambuhay | Ikalawang Taon - Anekdota | Ikatlong at Ikaapat na Taon (Pagsusuri) |
|---|---|---|
| 1.3 Nasusuri ang mga kahinaan ng isang kabataan<br>1.4 Nakikilala ang pagkakaiba ng "self image", "reputation", "actual self", at "real" o "true self"<br>1.5 Nailalarawan ang kanyang "real" o "true self"<br>1.6 Nakikilala ang iba't ibang uri ng emos-yon<br>1.7 Napamamahalaan ang emosyon upang matugunan ang mga suliranin<br>1.8 Nahihinuha ang tunay na layunin ng sekswalidad<br>1.9 Natatanggap ang itinakdang kasarian at ang kaakibat nitong pananagutan<br>1.10 Nakababalangkas ng mga paraan sa pagpapaunlad ng sarili | 2.9 Napatutunayan na ang paglilingkod sa kapwa ay paglilingkod sa Diyos<br><br>ANG PAGPAPAHALAGA AT VIRTUE SA PAKIKIPAGKAPWA<br><br>3.1 Nakikilala na sa pakikipagkapwa nalilinang ang iba't ibang pagpapahalaga at virtue<br>3.2 Naipamamalas ang paggalang sa pagkatao ng kanyang kapwa (respect for the dignity of man)<br>3.3 Nahihinuha na ang pagsunod at paggalang sa magulang ay nagdudulot ng kabutihan (respect for authority)<br>3.4 Napatutunayan na ang katapatan sa salita at sa gawa ay sandigan ng pakikipagkapwa (sincerity)<br>3.5 Natutukoy ang tamang hangganan ng pa-kikipagkaibigan sa katapat na kasarian (prudence at temperance)<br>3.6 Napaninindigan ang paggawa ng mabuti sa kapwa (kindness and generosity) | |

| Unang Taon - Talambuhay | Ikalawang Taon - Anekdota | Ikatlong at Ikaapat na Taon (Pagsusuri) |
|---|---|---|
| | 3.7 Nahihinuha na ang pagkakaiba sa relihiyon ay hindi hadlang sa pakikipagkapwa (religious tolerance)<br><br>3.8 Nahihinuha na ang pagpapatawad sa pagkakasala ng kapwa ay nakapagpapanatag ng kalooban<br><br>3.9 Nasusuri ang mga kilos at mabubuting pagpapahalagang Pilipino sa pakikipagkapwa (hospitality, utang na loob, bayanihan) | |

Inihanda nina:

**RUTH L. FUENTES**
ES II - NCR

**ZENAIDA E. ESPINO**
ES II - MIMAROPA

**LUZVIMINDA M. HERNANDEZ**
ES II - CALABARZON

Tagapag-ugnay:

**CORAZON L. ECHANO**
Asst. Chief, CDD-BSE

Halimbawang Banghay-Aralin
**ARALING PANLIPUNAN 1**

| LAYUNIN | NILALAMAN | PAMAMARAAN | EBALWASYON/PAGLALAPAT |
|---|---|---|---|
| Pagkatapos ng aralin, ang mga-mag-aaral ay inaasahang:<br><br>a. makikilala ang mga katangian ng isang mamamayang Pilipino<br><br>b. mauuri ang mga katangian ayon sa mga aspeto ng katauhan<br><br>c. maiuugnay ang mga katangiang taglay ni Manny Pacquiao sa mga katangian ng isang mamamayang Pilipino<br><br>d. masisiyasat na mapanuri ang mga kakayahan at katangian ng itinuturing na isang bagong bayani (Manny Pacquiao) | Yunit IV - Ang Pamahalaan at ang Mamamayan<br><br>Paksa : Pagkamamamayan<br><br>Balangkas ng Aralin<br><br>a. Mga katangian ng isang mamamayang Pilipino<br>* Moral<br>* Pisikal<br>* Mental<br>* Emosyonal<br>* Ispiritwal<br>* Sosyal<br>* Ekonomik<br>* Global<br><br>Kagamitan : Pelikula ("Pacquiao the Movie")<br><br>Awit ("Para sa 'yo ang Laban na 'to" | A. Panimulang Gawain<br><br>1. Lunsaran<br><br>a, Iparinig/ipaawit ang awit ni Manny Pacquiao na may pamagat na **"Para sa 'yo ang Laban na 'to"**<br><br>b. Itanong sa klase kung ano ang mensahe ng awitin<br><br>B. Paglinang ng Aralin<br><br>1. Pangkatang Gawain<br><br>a. Ipangkat sa lima (5) ang klase at ihanda sa isang dugtungang pagbubuod ng mga naganap sa buhay ni Manny Pacquiao ayon sa sumusunod:<br>1. Pagkabata<br>2. Pagluwas sa Maynila<br>3. Pagpasok sa Larangan ng Boksing<br>4. Pag-ibig<br>5. Tagumpay at Kabiguan<br><br>2. Pagtalakay sa Paksa | 1. Gamit ang matrix na nasa kasunod na pahina isulat ang mga katangiang taglay ng isang mamamayang Pilipino<br><br>2. Anong mga katangian ni Manny Pacquiao ang meron ka?<br><br>3. Paano mo iuugnay ang mga katangiang taglay ni Manny Pacquiao sa mga katangian ng isang tunay na makabayang Pilipino<br><br>**4. Pangatwiranan ; "Ang pagiging makabayan ni Pacquiao ay may bahaging ginagampanan sa pambansang pagkakaisa, pambansang kapayapaan at pambansang kaunlaran"** |

| LAYUNIN | NILALAMAN | PAMAMARAAN | EBALWASYON/PAGLALAPAT |
|---|---|---|---|
| | | Mga Gabay na Tanong<br><br>a. Anu-ano ang mga katangiang taglay ng isang mamamayang Pilipino? Magbigay ng halimbawa?<br><br>b. Paano mo uuriin ang mga katangiang nabanggit?<br><br>c. Taglay ba ni Manny Pacquiao ang mga katangiang nabanggit? Patunayan<br><br>d. Batay sa isinagawang pagsusuri sa mga katangian, maituturing nga bang isang bagong bayani sa Manny Pacquiao? Bakit?<br><br>C. Pagbubuod<br><br>Gumawa ng SLOGAN na nagpapahayag sa katangian ng isang mamamayan at ang kaugnayan nito sa Pambansang Pagkakaisa | |

Inihanda nina:

RUTH L. FUENTES
ES II - NCR

ZENAIDA E. ESPINO
ES II - MIMAROPA

LUZVIMINDA M. HERNANDEZ
ES II - CALABARZON

Tagapag-ugnay:

CORAZON L. ECHANO
Asst. Chief, CDD-BSE

Gamit ang matrix sa ibaba, isulat ang mga katangiang taglay ng isang mamamayang Pilipino

| MORAL | PISIKAL | MENTAL | EMOSYONAL | ISPIRITWAL | SOSYAL | EKONOMIK | GLOBAL |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | |